


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:
Pakikiisa sa Pagpapanatili ng
Kapayapaan**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 7: Pakikiisa sa Pagpapanatili ng Kapayapaan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jeremiah G. Miralles, Ma. Fe P. Alas
Editor:	Caridad P. Baginon
Tagasuri:	David C. Alcober, Colin D. Tupaz
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.
Tagalapat:	Gualberto R. Gualberto Jr., Marvin DJ. Villafuerte
Tagapamahala:	
	Ma. Gemma M. Ledesma Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino Mark Chester Anthony G. Tamayo
	Joy B. Bihag Gretel Laura M. Cadiiong
	Ryan R. Tiu Ranulfo L. Baay
	Amenia C. Aspa Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 832 - 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:
Pakikiisa sa Pagpapanatili ng
Kapayapaan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ano-ano ang mga programang pangkapayapaan ang ipinapatupad sa iyong lugar? Ginagawa mo bang makilahok sa mga gawaing napapanatili ang kapayapaan sa iyong lugar? Ano ang naidudulot ng pakikiisa sa mga ipinapatupad na batas sa iyong pamayanan? Ang kapayapaan ay laging kaagapay ng pagmamalasakit at pagsasakripisyo para sa bansa upang maisakatuparan ang mga mithiin. Mahalaga ang pakikiisa at pagmamalasakit sa anumang programang ipinapatupad sa isang pamayanan upang maging maayos at payapa ang isang lugar.

Ang sumusunod na mga layunin ay tatalakayin sa modyul na ito.

- Nakikiisa nang may kasiyahan sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan;
 - paggalang sa karapatang pantao,
 - paggalang sa opinyon o ideya ng iba.
- Nababatid na ang programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan; at
- Nakapagpapahayag ng saloobin tungkol sa paggalang sa karapatang pantao, paggalang sa opinion, at ideya ng iba.



Subukin

Panuto: Sipiin sa isang malinis na papel ang sumusunod na kaisapan na nasa loob ng kahon na nagpapakita ng pakikiisa sa programa ng pamahalaan, paggalang sa karapatang pantao, at paggalang sa ideya o opinyon ng iba. Ilagay ito sa tamang kolum.

Mamili ng gustong ibotong Supreme Pupil Government Officers (SPGO)

Pagdampot ng mga kalat sa parke

Mamuhay ng matiwasay at tahimk

Pagsali sa *Clean and Green*

Pakikinig sa saloobin ng iba

Magkaroon ng sapat na edukasyon

Pagtanggap ng mungkahi ng iba

Pagsunod sa desisyon ng nakararami

Pagsabi ng ating nararamdaman

Pagtatanim ng mga halaman

Pakikiisa sa Programa ng Pamahalaan	Paggalang sa Karapatang Pantao	Paggalang sa Ideya o Opinyon ng Iba

Aralin 1

Pakikiisa sa Pagpapanatili ng Kapayapaan

Kapayapaan ang tanging mithiin ng lahat. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagbubuklod-buklod ng mga mamamayan ng may paggalang sa bawat isa. Ang isang payapang pamayanan ay indikasyon na ang mamamayan ay may malasakit sa kapwa at disiplina upang maging masaya, maayos, at tahimik ang lugar na kanilang kinabibilangan.



Balikan

Bilang isang mag-aaral paano ka makatutulong upang mahadlangan ang tuluyang pagkasira ng ating kapaligiran? Isulat ang mga nararapat mong gawin bilang isang mag-aaral sa isang malinis na papel upang mabuo ang pangungusap.

1. Upang maiwasan ang polusyon sa hangin ang maari kong gawin ay

2. Sa pagtatapon ng mga basura, ang maaari kong gawin ay

3. Kapag walang puno sa bakuran, ang maari kong gawin ay

4. Upang maiwasan ang pagdami ng mga langaw, ipis, at daga ang maari kong gawin ay

5. Kapag may nakitang usok mula sa tambutso ng sasakyan ang maari kong gawin ay

6. Upang mabawasan ang polusyon sa dagat ang maari kong gawin ay

7. Kapag may nakitang nakasinding ilaw at walang gumagamit ang maari kong gawin ay

8. Sa pagtitipid sa tubig ang maari kong gawin ay

9. Kapag may mga bulaklak sa paligid ang maari kong gawin ay

10. Upang maiwasan ang pagdami ng lamok ang maari kong gawin ay



Tuklasin

Basahin at unawaing mabuti ang tula. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.

Kapayapaan

Jeremiah Gabitan Miralles

Kapayapaan ang hangad ng sinuman
Ngunit paano at kaylan makakamtan?
Ako ay isang batang Pilipino
Hangad ko'y kapayapaan at pagbabago.

Dahil sa poot, galit, kasakiman
Diskriminasyon, panlalait, pang-aabuso sa karapatan
Hindi pagsunod sa alituntunin ng kinauukulan
Ang mga dahilan ng kaguluhan.

Maging mahinahon at matutong rumespeto
Makinig sa opinyon ng kapuwa mo
Igalang ang mga karapatang pantao
Huwag kalimutan at isapuso ito.

Makiisa, makilahok sa mga patakaran
Sundin ang protocol para sa kaligtasan
Isapuso ang ipinatutupad na mga batas
Nang makamit ang kapayapaang wagas.

Mga Tanong.

1. Ano ang hangad ng isang bata sa tula?

2. Ano ang mga dahilan ng kaguluhan?

3. Ano ang mga paraan upang makamit ang kapayaan?

4. Bilang isang mag-aaral makikilahok ka ba sa mga patakarang ipinatutupad? Bakit?

5. Kung may mga taong ayaw sa mga programang ipinatutupad, hihikayatin mo ba silang sumali? Bakit?



Suriin

Karapatan ng bawat isa ang mapayapang pamumuhay. Mahalagang malaman mo rin na ang bawat isa ay may sariling pananaw. Ang paggalang sa opinyon ng iba ay pagbibigay paggalang sa ideya ng iyong kapwa. Halimbawa nito ang pakikipag-usap ng mahinahon, pag-iwas sa paggamit ng nakakasakit na salita pakikinig sa opinyon ng iba at pagtanggap sa kagustuhan ng nakararami lalo na kung ito ay nakabubuti para sa lahat.

Ang kapayapaan ay paggalang din sa mga karapatang pantao. Nakasulat sa *Universal Declaration of Human Rights at Child Protection Program* ang mga karapatan ng bawat tao. Ito ay nagsisilbing gabay upang mamuhay ang bawat isa ng payapa at masaya. Ilan sa mga nakasaad dito ay ang karapatang mabuhay ng malusog, payapa at ligtas, karapatang makapag-aral at makapaglibang, karapatang pumili ng nais iboto, at pumili sa kinaanibang relihiyon, kultura at iba pa. Kahit mag kaiba-iba man ang mga paniniwala at pananaw, iisa lang ang hangarin sa puso ng bawat isa, ito ay ang kapayapaan. Dahil dito, maraming mga programa ang isinusulong ng pamahalaan o kahit sa iyong lugar upang makamit ang kapayapaan. Halimbawa ang pagsunod sa batas trapiko, pananatili sa loob ng bahay kung oras na ng *curfew*, paglilinis ng paligid bilang pagsunod sa *Clean and Green* at pagtatali ng mga alagang aso upang hindi makagala at makagat. Responsibilidad mong makilahok at ikampanya ang mga ito. Tungkulin mo ring igalang anomang ipinatutupad, tanggapin at unawain ang ideya at opinyon ng iba upang tunay na mamayani ang kapayapaan sa pamayanan.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang mga programa, alituntunin, o kampanya na nagsusulong ng kapayapaan. Alamin kung ito ay: paggalang sa karapatang pantao o paggalang sa opinyon ng iba. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.

- _____ 1. Universal Declaration of Human Rights
- _____ 2. Child Protection Program
- _____ 3. Pagsunod sa kagustuhan ng nakararami lalo na kung ito ay nakabubuti para sa lahat
- _____ 4. Malayang pagpili ng nais ibotong opisyaes ng *Supreme Pupil Government* o *SPG*
- _____ 5. Pag-unawa at pagtanggap sa ideya ng iba



Isaisip

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pakikiisa sa pagpapanatili ng kapayapaan at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang tamang sagot sa isang malinis na papel.

- _____ 1. Pagsunod sa mga *protocols* ngayong pandemya.
- _____ 2. Pagpumilit na sundin ang sariling ideya para sa ginagawang proyekto sa ESP.
- _____ 3. Pagsalita ng mahinahon kung nais ipahayag ang sariling opinyon.
- _____ 4. Pakipagkaibigan sa kaklaseng may ibang paniniwala sa iyo.
- _____ 5. Panlalait sa kapitbahay na may kapansanan.
- _____ 6. Pagsunod sa batas trapiko.
- _____ 7. Pagtali sa mga alagang aso upang hindi makakagat.

- _____ 8. Pagpigil sa nakababatang kapatid na isumbong ka sa iyong magulang sa kasalanang iyong nagawa.
- _____ 9. Paglabas ng bahay kahit oras ng *curfew*.
- _____ 10. Paggamit ng mga magagalang na salita kung nakikipag-usap.



Isagawa

Panuto: Ano ang iyong gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon? Isulat at ipaliwanag ang sagot sa isang malinis na papel.

1. Nang yayain mo ang kapatid mong maglinis ay sinagot kang “Hindi ako *boy scout*. Ang paglilinis ay ginagawa lamang ng *boy scout*.”

Sagot: _____

2. Iba ang relihiyon ng isa mong kaklase. Niyaya ka niyang sumama sa kanilang simbahan. Ano ang gagawin mo?

Sagot: _____

3. Napansin mong habang nagsasalita ang inyong lider tungkol sa pangkatang gawain, ang ilan sa iyong mga kagrupo ay hindi nakikinig.

Sagot: _____

4. Nagbigay ng pangkatang gawain ang iyong guro. Ikaw ang napiling mamuno sa iyong pangkat. Isa sa mga miyembro mo ay nagbahagi ng kanyang ideya para sa inyong gawain.

Sagot: _____

5. Hatinggabi na ngunit malakas pa ring magpatugtog ng karaoke ang inyong kapitbahay.

Sagot: _____



Tayahin

Panuto: Sipiin sa isang malinis na papel ang sumusunod na talaan. Unawaing mabuti kung ito ay pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa kapayapaan. Lagyan ng tsek (✓) ang hanay ng iyong sagot.

Sa iyong palagay, dapat bang...	Oo	Hindi	Hindi ko alam
1. makialam sa pagtatrapiko sa barangay			
2. umiwas sa mga tsismis sa ibang tao			
3. pagtawanan o kutyain ang ibang relihiyon dahil sa kakaibang paraan ng pagsamba			
4. isumbong sa barangay ang nakitang mga <i>rugby boys</i>			
5. maglunsad ang pamahalaan ng araw ng mga bata			
6. sumunod sa <i>curfew</i> na ipanatutupad sa inyong lugar			
7. sumali sa <i>Clean and Green</i> program ng iyong barangay			
8. magtampo sa kaibigan dahil hindi ka ang ibinotong president sa inyong klase			
9. pigilan ang mga bata na magpahayag ng opinyon			
10. sumali sa kampanyang pangkaligtasan sa barangay para maging handa sa oras ng kalamidad			



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng 5 gawain ng pakikilahok mo sa pagpapatupad ng mga batas para sa kapayapaan. Gawin ito sa isang malinis na papel.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

(maaring magkaiiba-iba ang sagot)

HINDI KO	HINDI	OO	
	√		1.
		√	2.
			3.
		√	4.
		√	5.
		√	6.
		√	7.
	√		8.
	√		9.
		√	10.

Balikan

Maaaring magkaiiba-iba ang sagot.

Tuklasin

1. kalayaan
2. poot, galit, kasakiman
3. diskriminasyon, panlalait, pang-aabuso sa karapatan
4. maging mahinahon at matutong rumspecto
5. makinig sa opinyon ng kapuwa at igalang ang mga karapatang panta
6. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
7. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
8. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
9. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
10. paggalang sa opinyon o ideya ng iba

Pagymanin

1. paggalang sa karapatang pantao
2. paggalang sa karapatang pantao
3. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
4. paggalang sa opinyon o ideya ng iba
5. paggalang sa opinyon o ideya ng iba

Isaisip

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Mali
9. Mali
10. Tama

Isagawa

Maaaring magkaiiba-iba ang sagot.

Karagdang Gawain

Maaaring magkaiiba-iba ang sagot.

Subukin

Paglalang sa Ideya o Opinyon ng Iba	Paglalang sa Karapatan Pantao	Paglalang sa Programa ng Pamahalaan
Pakikinig sa saloobin ng iba Pagtanggap ng mungkahi ng iba Magsabi ng ating nararamdaman Pagsumod sa desisyon ng nakararami	Mamili ng gustong ibotong Supreme Pupil Government Officers (SPGO) Mamuhay ng matiwasa at tahimik Magkaroon ng sapat na edukasyon	Pagdadampot ng mga kalat sa parke Pagsali sa Clean and Green Program Pagtatanim ng mga halaman

Sanggunian

Department of Education. n.d. *K to 12 Curriculum Guide in EsP Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank*. Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R., and Gloria A. Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Vibal Group Inc.: Quezon City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph